# BANTAY BALITA

NEWS PUBLISHING SERVICES

YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

VOLUME 1 NO. 35 10.00 MAY 29 - JUNE 4, 2023


# PBBM greets VP Inday Sara, "Happy 45th birthday"

PRESIDENT Bongbong Marcos in a video message posted in his social media accounts greeted Vice President Sara 'Inday Sara' Duterte on her 45th birthday on Wednesday, May 31.

"Inday, Sara, happy birthday. I hope you enjoy yourself and take a break from work," Marcos said in Cebuano.

Laughing, he advised his best friend forever (BFF) to "make some time for yourself and ignore the tambaloslos around you."

On May 21, Inday Sara posted on her Instagram account calling a person who she did not identify as a tambaloslos.

"Sa imong ambisyon, do not be tambaloslos," the Vice President said.

She posted the "Tambaloslos" insult after former President and now Pampanga Rep. Gloria Macapagal-Arroyo was demoted from senior deputy speaker to deputy speaker.

Tambaloslos is a Visayan mythical creature known for its large mouth and a penis the size of its own torso to confuse and mislead others.

It is also a Cebuano slang used to insult men who are all talk, inept or foolish.

In Bicol, Tambalolos is used to describe men who are inutile, rapist and drunkard.

Rumors had it that Arroyo had plan a coup to removed Speaker Martin Romualdez who is a first cousin of the President.

VP Duterte had also resigned as co-chairman of Lakas-CMD, where

See page 2

# State pensions di kasali sa Maharlika funds

HINDI isasali ang pondo ng Government Service Insurance System (GSIS), Social Security Syste, Philippine Health Insurance Corporation (PhilHealth) sa pondong iipunin para sa lilikhaing Maharlika Investment Fund (MIF).

Sinabi ito ni Presidente Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr. para pawiin ang takot ng maraming kasapi at pensiyonado ng GSIS at SSS na kukuhanin ang pera ng dalawang ahensiya para isama sa pondo ng lilikhaing sovereign wealth fund (SWF).

Tiniyak ni PBBM sa talumpati niya sa ika-86 na anibersaryo ng GSIS nitong Miyerkoles, Mayo 32, na hindi gagalawinang pondong ahensiya.

"We will not use it as a seed fund," sabi ng Pangulo.

Gayunman, sinabi niya, kung maiisip ng (pamunuan ng) GSIS na mag-invest sa Maharlika, pwede itong gawin.

Sa isa pang pahayag, sinabi ni Marcos na tulad ng GSIS, hindi pakikialaman ng gobyerno ang pension fund ng SSS.

"Walang intensiyon ang gobyerno na kumuha sa (pondo) SSS," sabi ni PBBM. /**ADELA R. ZAMORA**



Pres. Marcos Jr.

# Alfonso Public Market Phase 1: 90% complete

TAMA ang social post ni Alfonso Mayor Randy Salamat sa kanyang Facebook page na may kumpletong larawan -- na aming inilathala sa pahinang ito -- na 90% na, halos kumpleto na ang ipinagagawang Phase 1 ng modernong public market.

Pinasyalan ng tropang BantayBalita, at tunay ang sinabi ni Mayor Randy, ang palengke ay "Estetik at first class!"

At pag talagang kumpleto na ang Phase 1, may kasunod ito na Phase 2, sabi ni Mayor Salamat.

Sa post, inilista ang sumusunod na katangian ng Phase 1.

- ✓ Fire safety compliant
- ✓ Ligtas sa lindol
- ✓ May CCTVs
- ✓ First class comfort room for male and female
- ✓ Maaliwalas, komportable, at mabango
- ✓ May parking sa second floor ng phase 2

Sabi ng masipag na alkalde: "Pangarap ko po na maging isa ito sa mga dadayuhin at ipagmamalaking tourist spot sa Alfonso," na totoo namang pang-turista ang bagong palengke.

Dagdag ni Mayor Salamat, ang pasilidad ay maayos at maganda at ito "ang kailangan natin para sa dekalidad na produkto ng Alfonso at natatanging pag uugali ng mga Alfonseño."

"Konti na lang... Maraming salamat po sa mga taxpayers natin." sabi sa FB ng alkalde.

At walang tigil, tuloy-tuloy po ang ating #ResponsablengSerbisyo, sabi pa.



Alfonso Mayor Randy Salamat









Magara at maginhawang makapamimili sa modernong public market ng Alfonso sa oras na makumpleto.

Let's cozy up at Kubo Amadeo P8

# Pambansang Araw ng Watawat masiglang ipinagdiwang sa Imus





Masayang tinanggap ni Sen. Francis Tolentino mula kay Imus City Mayor Alex 'AA' Advincula ang plaque of appreciation bilang panauhing pandangal sa ginanap na pagdiriwang ng Pambansang Araw ng Watawat. Katabi niya si Cavite 3rd Dist. Congressman AJ Advincula.

MASIGLANG ipinagdiwang ang Araw ng Pambansang Watawat sa Lungsod ng Imus nitong nakaraang Linggo, Mayo 28 sa pangunguna ni Mayor Alex 'AA' Advincula na naging panauhing tagapagsalita si Sen. Francis 'Tol' Tolentino.

Sa kanyang talumpati, pinuri Sen. Tolentino ang patuloy na paggunita sa kabayanhan ng mga kababayang nagbuwis para matamo ang kalayaan ng bansa na taunang ipinagdiriwang tuwing Hunyo 12.

Ayon sa kasaysayan, tinalo ng tropang Caviteno sa pangunguna ni Gen. Hipolito Saquilayan ang mga sundalong Kastila sa Labanan sa Alapan noong Mayo 28, 1898 na doon, unang itinaas at iwinagayway ang watawat ng Pilipinas na idinesenyo at ipinagawa ni Gen. Emilio Aquinaldo sa Hong Kong.

Bunga ng panalo sa Labanan sa Alapan, nagkasunod-sunod ang tagumpay ng Katipunero na nagbunga ng Deklarasyon ng Kasarilan ng Pilipinas noong Hunyo 1898 sa Kawit, Cavite sa pamumuno ni Gen. Aguinaldo.

Sa paggunita sa ika-125 Pambansang Araw ng Watawat sa Dambana ng Pambansang Watawat, panauhin din sa selebrasyon si National Historical Commission of the Philippines (NHCP) Chairman Dr. Emmanuel Calairo, Cong. AJ Advincula, Board Members Shernan Jaro at Arnel Cantimbuhan, at mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod sa pangunguna ni Vice Mayor Homer Saquilayan.

Sa kanyang mensahe, hinimok ni Mayor AA Advincula ang bawat isang mamamayang Filipno na laging gunitain ang mahalagang ambag ng Labanan sa Alapan sa Imus sa pagtatamo ng Kalayaan ng Pilipinas.

"Bilang mga Pilipino, himukin po natin ang bawat isa na magkaroon ng kamalayan sa mga pangyayari sa ating bansa. Manatili nawa tayong mulat nang sa gayon ay maprotektahan ang ating pinaghirapang kalayaan at pinaglabang demokrasya," sabi ni Mayor Advincula sa kanyang opisyal na Facebook page.

Dagdag ng alkalde na sa kanyang pamamahala sa siyudad, tuloy-tuloy ang mga programa sa kaularan, kabuhayan at turismo sa Imus.

Sabi pa ni Mayor Advincula: "Tayo po ay patuloy na magsusumikap sa tunay na pagbabago, para sa bansang Pilipinas!"/**ELI TAPARAN II**

# MoA sa maayos na pagtitulo ng lupa sa Silang, pinirmahan

UMAABOT lang sa 30 porsiyento ng lupa sa Silang, Cavite ang may maayos na titulo, ayon sa Department of Environment and Natural Resources (DENR).

Upang maiwasan ang nakawan ng lupa, pagsasamantala ng mga 'fixer' sa lupa, lumagda ang pamahalaang lokal ng Silang at DENR sa isang memorandum of agreement (MoA) sa layuning matulungan ang mga residente na maisaayos ang patitulo ng pag-aaring lupa.

Sa panig ng lokal na pamahalaan, nanguna sa paglagda sa MoA si Atty. Kevin Anarna, alkalde ng Silang, Municipal Administrator Nathaniel 'Jung' Anarna Jr., Vice Mayor Ted Carranza, ilang miyembro ng Sanggunian, Lambing de Castro.



Lumalagda sa MoA si Mayor Kevin Anarna (ikatlo mula sa kanan) kasama ang mga opisyal ng DENR, PENRO at ilang opisyal ng pamahalaang lokal ng Silang.

at sa panig ng DENR Region IV-Calabarzon, nanguna si Executive Director Nilo Tamoria, Cavite Provincial Environment and Natural Resources (PENR) officer-in-charge Januel Peras, Reynalso Belen, at Engr, Olive Bejo.

Sumaksi ang iba pang opisyal ng lokal na pamahalaan at ng DENR Cavite sa lagdaan na ginanap sa bagong municipal hall sa Barangay Biga 1, Lunes, Mayo 29.

Hinikayat ni Mayor Anarna na makipag-ugnayan sa pamahalaang lokal ang mga residente na nais maiayos ang pagpapatitulo ng kanilang lupa.

Sa mga may usapin sa lupa, pinayuhan din ang mga residente na ilapit ang kanilang problema sa PENR. /**DBC**

# MIF 100 ulit na malala sa Coco Levy: KMP

MAS malala ang panukalang Maharlika Investment Fund (MIF) kaysa Coco Levy Fund na kinubra sa panahon ni dating Presidente Ferdinand E. Marcos Sr.

Ito ang sinabi ni dating Congressman at Department of Agrarian Reform Sec. Rafael Mariano sa panukalang batas na paglikha ng MIF ni Presidente Ferdnand 'Bongbong' Marcos Jr.

"The Maharlika Investment Fund is like the Coco Levy Fund on steroids. MIF is 100 times much worse than the Coco Levy fund that was extorted by the Marcos Sr. regime from coco farmers in the 1970s," sabi ni Mariano, chairman emerityus ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP).

Paliwanag ni Mariano, ang Coco Levy ay sapilitang kinubra ni Marcos Sr. sa maralitang magniniyog na hindi naman napakinabangan ng bansa.

Naniniwala si Mariano na mauuwi lang sa wala ang pondong malilikom ng MIF lalo at hindi sigurado kung saan-saang imvestment ito ilalagay.

Inokeyan na ng Kamara ang Senate version ng MIF na ayon sa Section 12, a maaaring boluntaryong mag-invest ang Social Security System (SSS), Government Service Insurance System (GSIS) at Government Financial Institutions (GFIs) tulad ng Pag-IBIG fund, PhilHealth at iba pang ahensiya ng gobyerno.

Ayon kay Mariano, sa halos 50 taon, hindi pa naibabalik ang kinubrang P100 bilyong Coco Levy Fund na hindi nakinabang ang maralitang magniniyog.

Posible, pangamba ni Mariano na mangyari rin sa a P500 bilyon na pondo ng MIF na nais ilagay ni Marcos Jr. sa maraming investmeng fund sa ibang bansa./BB Central Desk

# PBBM greets VP... from P.1



**VP Inday Sara at PBBM: best friend forever**

Romualdez serves as president.

Arroyo has denied planning a coup to oust Romualdez.

PBBM in a speech during the launch of Pier 88 in Cebu on May 27, said that he his the "number one fan" of Duterte who was his running mate in the May 2022 elections.

Inday Sara, concurrent education secretary, climbed the country's highest mountain, Mt. Apo, on the eve of her natal day.

A lawyer, and the eldest daughter of former President Rodrigo Duterte spent her birthday with her family in Davao City.

Before becoming vice president, Inday Sara served thrice as Davao City mayor and once as vice mayor.

The vice president is believed to be the best contender for president come 2028 national elections. /BB Central Desk

# Sana matingnang muli ang Rubie Garcia murder case

SO sad: Another brother-in-media was gunned down early Wednesday, May 31 in Calapan City, Oriental Mindoro, my condolences to Cresencio Bundoquin's family.

Bundoquin, 50, was co-host of the radio program "Balita at Talakayan with Sandy Soriano," which airs on DWXR 101.7 FM and on his online radio MUX.

News reports said that the hard-hitting broadcaster was with his wife and son, tending their store selling dressed chicken at 4:20 a.m. when two unidentified persons approached them and asked to borrow tools.

The gunman shot him in the face and when he fell down, pumped three more shots to his body.

Reports said that our newly appointed Presidential Task Force on Media Security (PTFoMS) Executive Director Sir Paul Gutierrez has offered a P50,000 reward for anyone who could provide information that will lead to the arrest of the mastermind behind the killing of Bundoquin.

Undersecretary Gutierrez said that while the driver of the motorcycle has been neutralized, the actual gunman remains at large and is now the subject of a police manhunt."

Sana po, mahuli na ang utak ng krimeng ito, at sa balitang ito, naalaala namin ang pagpatay sa aming kasama sa Cavite media, si Rubie Garcia, Remate tabloid correspondent na pinatay



**Undersecretary Paul Gutierrez**

noong Abril 6, 2014,

Her killers are still unknown!

Another newshen, Remate former editor Gwen Salameda was gunned down last Sept. 2021: nahuli na rin ba ang (mga) salarin?

Suspects in the Percy Lapid murder last October 3, 2022 were charged, thanks po, kabayang Justice Secretary Boying Remulla sa mabilis nyong aksiyon.

Sec. Boying, 9 years na po ang kaso ng pagpatay sa kasama naming si Rubie Garcia, pwede po bang marebisa ang kaso sa pagpatay sa kanya?

Gayundin po ang aming hiling kay USec. Gutierrez na sana po, hindi lamang ang mga bagong kaso ng journalist killings ang matutukan, sana po pati ang nakaraang pagpatay, tulad ng kaso ni Rubie Garcia.

Huli man po, Sir USec Paul, congratulations po sa appointment nyo bilang PTFoMS executive secretary at ito ay patunay na mina nga ng ginto ang ating samahang National Press Club of the Philippines (NPC) na mapagkukuhanan ng magagaling na tao para maglingkod sa pamahalaan.

Sir Benny Antiporda is the first former NPC president appointed to serve in the government, first as undersecretary of the Deparment of Environment and Natural Resources, then as National Irrigation Administration chief.

Sumunod, former NPC Pres. Joel Sy Egco na unang PTFoMS executive director na maraming magagandang accomplishment sa trabaho tulad ni Sir Benny.

At yung magaling na newspaper editor at former NPC member Sir Alvin Feliciano na dating chairman ng Commission for the Urban Poor ay ini-appoint ni Pres. Marcos Jr. assistant general manager ng National Housing Authority (NHA) sa ilalim ng Department of Human Settlements and Urban Development (DHSUD).

Hindi ko muna ire-request na ma-appoint ang aming unang lady NPC



**Sa Ganang Akin**

**by Adela R. ZAMORA**

President Lydia Bueno kasi maraming-marami pa siyang proyekto na gagawin para sa kabutihan ng mga kapwa ko mamamahayag.


After her two-year term, maaari na siyang magsilbi sa gobyerno, wish ko lang po.

Muli, sana mabasa ni Justice Sec. Boying at PTFoMS Exec. Director Paul ang aming resquest na muling bisitahin ang kaso ng pagpatay -- nine years ago -- sa aming kasamang Rubie Garcia sa Cavite.

Kung maaaksiyon ang request naming ito, maraming-maraming salamat po! (arz777@yahoo.com)

## LETTER TO THE EDITORS

# Sana po ay mapakinggan




Mabuhay magandang araw po, Sir, Ma'am.

Ako po ay isang parent na may anak na nag-aaral sa Buhay na Tubig Elem School (Imus City) mula Kindergarten to Grade V.

Ako po ay dating GPTA officer na inalis ni Ma'am Gina Reyes sa hindi ko malaman kung ano'ng dahilan e alam ko na ginawa ko ang lahat ng makakaya ko para sa GPTA.

Kaya nawalan ako gana kay Ma'am Gina, masakit sa akin ang basta na lang ako inalis kasi nasa puso ko at isip ko ang pagtulong sa paaralan.

Sa dinami-dami ng principal sa paaralan, bukod tangi si Mrs. Gina Reyes ang madalas kong nariringgan ng masasakit na salita sa aming mga magulang ng kanilang mga estudyante at kasama rin pala ang mga tao niya sa opisina na masungit at hindi marunong ngumiti sa mga magulang at sa mga guro.

Di po ba pag ikaw ay isang government employee lalo na kung isang guro o personnel ng school, dapat e magpakita ng mabuting asal kasi tinitingala sila ng mga bata bilang mga modelo.

Dapat ay may good attitude sa pakikiharap sa mga parents o sa kapwa katrabaho sa school kahit pa naiinis o may problema at may pasensiya.

Be good and smile to everyone. Isa rin po ay ang pangongolekta ng 50 pesos may para sa membership, tutol po ako rito dahil ang ginawang ito ay hindi pinag-usapan at hindi pina-approved sa lahat ng magulang.May naklagay po na tarpaulin sa harap ng principal opis NO COLLECTION POLICY.

Sa tinagal-tagal ko na may pinagpapaaral sa school, ngayon lang may ganitong collection. Pati ang pinaglagyan ng flagpole na kanilang project ay di pina-approve sa lahat.

Sana mabigyan aksyon ang letter ko na ito ng kinauukulan.

Maraming salamat po!

Isang parent ng BNT Elem. School

( In fairness kay Ma'am Gina Reyes, malaya po siyang makapagbibigay ng kanyang response sa sulat na ito ng isang magulang sa BNT Elem. School. You can reach us sa email na ito: taparaneliseo@gmail.com)

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1, Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369

Founder: HENRY E. CAOILE
Publisher: DOMZ B. CAOILE
Editorial Consultant: ELI TAPARAN II
Special Projects Director: ADELA R. ZAMORA
Copy Editor: LUKAS DA SILVA
Chief of Reporters: GENE TAPARAN TAN
Contributing Writers: LOD BELTRAN
NOLI LIWANAG
ED 'MUTO' G. CUENCA
JOJO SICAT
Contributing Editor: RUEL FRANCISCO

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

member papi PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES INC.

*NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.*




*At the center, Rosario Mayor Jose Voltaire Ricafrente underscores the importance of Balay Silangan to help rehabilitate and enable drug offenders re-join the community as law-abiding citizens.*

# Rosario 3rd 'Balay Silangan' inaugurated

MAY 31 -- The progressive municipality of Rosario has now its 3rd Balay Silangan, with the recent inauguration and launching of the reformatory house in Barangay Ligtong III here.

The launching was led by Mayor Jose Voltaiare Ricafrente together with Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) Director Bryan Babang and other local officials.

In his message, Mayor Ricafrente said that the Balay Silangan gives intervention. counseling, education and livelihood traning programs with the objective of helping drug offenders to become law-abiding citizen upon being re-integrated to society.

Aside from the Rosario local government unit (LGU) the Balay Silangan was established through the initiatives of the provncial offices of the PDEA, Department of Interior and Local Government (DILG), Department of Health (DoG), Department of Education (DepEd), PNP Rosario, TESDA and the LGU's health office.

PDEA Director Babang said that the Balay Silangan is a national drug reformation program established by the PDEA in January 2018 and nationally implemented with the Philippine National Police (PNP and host LGUs.

The Balay Silangan is part of the PDEA's Harm Reduction efforts, and is a national reformation program that offers temporary refuge to drug offenders and surrenderers with the purpose of making them self-sufficient and law-abiding members of the society.

The first implementation site of Balay Silangan was inaugurated in Sarangani on May 22, 2018./ **BUDDY VILLACRUZ**

# DIHS Student visitors with Korean guest students



On May 31, 2023, students of Dasmariñas Integrated High School (DIHS) together with Korean guest students visited Cavite Provincial Capitol as part of their Culture Exchange Program.

The visit aimed to facilitate the development of relationships among the students while they learn together, and further strengthen their partnership in the Adopt a School Program of DIHS.

A guided tour of the Cavite Provincial Government offices led by Mr. Jesus I. Barerra together with the staff of the Office of the Provincial Tourism Officer highlighted the visit.

The students were given an exclusive glimpse into the inner workings of local administration and the role of government officials in shaping the province's development.

They observed firsthand how various departments collaborate to meet the needs of the community./ **PICAD**

# Kamatayan sa sangkot sa ilegal na droga: Padilla

PARUSANG kamatayan ang nais ni Senador Robinhood Padilla ang ihatol sa mga drug lord, mga pulis, sundalo at iba pang law enforcer na mapatutunayang kasangkot sa ilegal na droga.

Sa Senate Bill 2217 ni Padilla, sinomang halal na opisyal ng lokal at pambansang gobyerno ayo dapat ding patawan ng hatol na kamatayan kung mapatutunayang tumanggap ng donasyon, pera o anomang pakimabang na materyal mula sa ilegal na droga.

Sa interbyu ng media, malungkot na sinabi ni Padilla na kulang sa pangil ang batas kaya walang takot na masangkot sa bawal na gamot.

"Kailangan natin ng batas na matapang at katatakutan," sabi ni Padilla.

Kung maibabalik ang parusang kamatayan, naniniwala si Padilla na mababawasan o mapipigil ang pagkasangkot ng mga pulis, sundalo at iba pang taong gobyerno sa pagbebenta ng ilegal na droga.

Nais ni Padilla na maamendahan ang Section 27 at 28 ng Republic Act 9165 o ang Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2022.

Sinomang halal na opisyal ng lokal at pambansang pamahalaan na mapatunayang nakinabang kaya ay tumanggap ng pera o donasyon mula sa mga nasa negosyo ng ilegal na droga ay hahatulan din ng kamatayan.

"Sa atin pong Bill, kapag po nasa law enforcement (ang sangkot sa krimen) o elected official, dapat po, death penalty," diin ni Padilla.

Ito ay bukod sa pagtanggal sa serbisyo at habambuhay na pagbabawal na humawak ng kahit anong posisyon sa pamahalaan.

Gayunman, hindi maipapataw ang sentensiyang kamatayan sa mga babaeng buntis o isang taon matapos makapanganak at sa sinomang tao na mahigit sa 70 taon ang edad./**HENRY E. CAOILE**



***Sen. Robin Padilla: Matapang na batas ang kailangan laban sa mga kriminal.***

# Medical cannabis mabisang gamot

KAYSA masayang at mapunta sa wala, sana mapagtibay na ang panukalang batas na magamit bilang sangkap sa paggamot sa maraming sakit ang medical cannabis.

Sinabi ito ni Dr. Richard Nixon Gomez, imbentor at at general manager ng BauerTek Corporaton sa ginanap na medical health forum kamakailan na nagsusulong na maging batas na gamitin ang medical cannabis (marijuana) na gamot sa maraming karamdaman.

Sa nakaraang health forum, maraming doktor at experto ang nagpahayag na mapagagaling ng medical cannabis -- kapag naging legal na -- ang may isang milyong Filipino na ginagamit nang medisina laban sa depression, hika, epilepsy, high blood pressure at iba pang sakit.

Ayon kay Dr. Gomez, may sapat na dami ng suplay ng marijuana sa bansa at pwede pang pagkakitaan bilang export produce sa ibang bansa na gumagamit sa medical cannabis sa paggawa ng maraming gamot sa iba-ibang uri ng karamdaman.

Panauhin sa nasabing health forum sina Dr. Angel Gomez, board member, Philippine Society of Cannabinoid Medicine, Masikhay Research; Dra. Donnabel Cunanan, president, Cannahopefuls Inc. at si Mr. Evan Alexander, co-executive director of Hemp Health & Innovation Expo.



***Depression, epilepsy, asthma, anorexia vervosa at iba pang sakit ang mapagagaling ng medical marijuana: Ilan lang ito sa mga sakit na mapagagaling ng medical marijuana, ayon kay Dr. Richard Nixon Gomez sa panayam ng mga reporter.***

Kilala sa mundo si Evan Alexander na isang masigasig sa pagtataguyod na mabisang gamot ang medical cannabis.

Si Evan Alezander ay walong-beses na tumanggap ng pagkilala sa larangan ng marketing, communications at kilalang mahusay na management executive, and co-director ng Medicinal Cannabis & Industrial Hemp Expo: Hemp, Health & Innovation (HHI) sa Australia.

Sa forum, sinabi ni Evan Alexander na sa Australia, kailangan lamang ay isang nakasulat na reseta ng isang otorisadong doktor upang magamit na gamot sa sakit ang medical cannabis.

"A Bill is being worked out to the Senate by the Australian Greens Party. Dubbed as Legalize Cannabis Bill', "it would provide



legislation to grow up to six plants at home, and to sell through licensed cannabis cafes and dispensaries. There would be a national cannabis licensing scheme, and a regulator," sabi ni Evan Alexander.

Aniya pa, isang prescription medicine sa Australia ang cannabis.

"Like other prescription medicines, it is prescribed by a doctor making an evidence-based judgment that it is the appropriate treatment for their patient," paliwanag pa ni Evan Alexander.

Sa forum, binanggit ni Dr. Angel Gomez na walang batayan ang negatibong pagtingin ng ilang nasa gobyerno sa ginagawang Masikbay research bilang gamot ang marijuana.

Napatunayan na sa maraming experimento, malaki ang naitutulong ng medical marijuana sa pagkalawa ng pananakit ng kalamnan, pagkahilo at/o pagsusuka bunga ng chemotheraphy at anorexia.

Mahusay rin ito para sa vascular health at sakit na may kinalaman sa bituka at nagpapalakas ng immune function at makirot na pakiramdam na dulot ng multiple sclerosis.

Ilegal pa rin sa Pilipinas ang medical cannabis, paliwanag ni Dra. Cunanan at ito ay maaari lamang payagang magamit na gamot sa pamamagitan ng Compassionate Special Permit, na isang FDA-approved provision.

Ayon kay Dr. Cunanan, umaabot sa US32,000 ang magagastos sa loob ng isang taon para magamot ang isang pasyente, at para sa kanya, "Ito ay very incompassionate."

Sa forum, ikinuwento ni Dr. Cunanan na may anak siya na 10 taon nang may epilepsy.

Dalawa pang kasama niya sa Cannahopefuls Inc, ang may mga anak din na umaasa sa maging legal ang medical cannabis para mapagaling ang kanilang mga sakit,

Siya, at iba pang kasama sa medisina, paliwanag ni Dra. Cunanan ay 13 taon nang ipinaglalaban na maging legal sa bansa ang medical cannabis.

Gumanap na host sa masiglang health forum si Rolly 'Lakay' Gonzalo, kilalang brodkaster at dating presidente ng National Press Club at si Edwin Eusebio ng dwIZ./**RAFFY RICO**

# DOST Region 1 forges MOA with NRCP, LGU of Burgos, La Union

The Department of Science and Technology Region 1 (DOST 1) forges Memorandum of Agreement (MOA) with the National Research Council of the Philippines (NRCP) and the Local Government Unit of Burgos, La Union for the implementation of the Bridging the Utilization of R&D results through Awareness and dissemination for Community Empowerment through Science and Technology (BURDA) for the Community Empowerment thru Science and Technology (CEST) Program of DOST.


In attendance during the momentous activity are DOST 1 OIC-RD Teresita A. Tabaog, NRCP Executive Director Bernardo N. Sepeda, Municipal Mayor Delfin C. Comedis, Jr., Provincial S&T Director Jonathan M. Viernes, CEST Project Leader Decth-1189 P. Libunao, NRCP Researchers, staff and DOST 1 team.

A Ceremonial Awarding of the materials for the project was also undertaken to formally seal the collaboration of the parties.

The BURDA Project aims to strengthen the promotion and use of research-based knowledge products in the regional and municipal level.

The project also aims to capacitate regional, municipal, and community members with basic concepts and appreciation of science popularization and skills in facilitating the use of knowledge products and increase awareness and improve the attitude of members of DOST Region I, LGU-Burgos and relevant communities toward basic research, science concepts, and science popularization.

Lined activities are set for the following days in the municipality of Burgos, La Union to further strengthen STI in the locality.



# City Rank No. 1 Most Wanted Nabbed




THROUGH the intensified intelligence-driven operation of the police operatives of Imus City Police Station (CPS), the city's rank number most wanted person had been arrested Tuesday, May 23 in Barangay. Anabu 2F, Imus City, Cavite.

Imus City police director, Lt. Colonel Michael Batoctoy identified the suspect as Joey Magayones, 42, and a resident of the said barangay.

Magayones was arrested after a close monitoring and surveillance by the joint police operation of Imus CPS 401st Manuever Company RMFB 4A.

The suspect has two pending criminal cases before the Branch 22 of the Regional Trial Court (RTC) of Imus City for violation of RA 7610, docketed as Criminal Case Number 25675-22, 25676-22, and 25677-22.

Magayones did not resist when presented the warrants of arrest against thim by the joint operatives from the Imus CPS.

According to the arresting team, Magayones is wanted for the crime of lascivious conduct punishable under Section 5 of RA 7610.

Section 5 is about child prostitution and other sexual abuse.

The court has recommended a fixed bail of Php180,000 and another bail of Php200,000 for the two offenses allegedly committed by Magayones who is still under the custody for documentation and proper disposition.

In a statement, Cavite Provincial Police Office (CPPO) director, Colonel Christoper Olazo commended the Imus CPS for a job well done.

"I commend the unwavering effort of our police operatives to hunt down people with an existing warrant of arrest," sabi Col. Olazo.

He added that the Cavite police operatives will continue its intensified campaign against wanted persons to make sure that they will face the charges filed against them in court. **/DOMZ B. CAOILE**

# Ano ang ibibida... *mula sa pahina 8*

hingian ng 'resibo' si PBBM na sa Hulyo, one year na siya sa Malakanyang at maitatanong: May nagbago ba o may nakikita kayong pagbabago sa pamamalakad sa gobyerno.

Daang milyon piso ang nagastos sa state and official ni Pres. Marcos at mga katotoo kaya ang bilyon dolyares na pledges daw ng mga nais mag-invest sa ating bansa.

Lintek, paano mag-iinvest, sobrang expensive sa buong Askiya ang koryente natin, at patay-sindi pa.

Digital era na tayo, pero pinakamakupad ang internet connections natin, at mahal din.

'Yung water supply, mahal din, at patak-patak sa gripo, kahit pa tag-ulan, maraming napeperwisyo at may namamatay pa sa sobrang dami ng buhos na tubig-ulan na natatapon lang sa imburnal at hindi magawan ng proyekto para maipon.

Agricultural country tayo pero imported ang bigas, gulay, karne, isda at iba pang agri produce na super expensive, hey tumataas na naman ang per kilo ng sibuyas at bawang.

Nalilibot tayo ng dagat, pero imported ang ating asin; pati asukal imported na rin.

Pati patis, bagoong at daing imported na rin, ay bayan ko, ano na po ang mangyayari sa atin.

DH at OFWs lang ang kaya nating i-export!

30 taon giniyera ng US ang Vietnam na nadurog nang husto pero ngayon naunahan na tayo sa pag-unlad at nagpo-produce na sila ng electric car.

Tambak ngayon sa EDCA sites ang armas de giyera ng US na pandepensa raw laban sa climate change???!

Naglagay tayo ng boya sa West Philippine Sea, hindi lang China ang nagalit, pati Vietnam naglagay na rin ng sariling boya sa inaangkin din nating teritoryo sa dagat.

Imbes na mag-usap nang maayos, sa udyok ng US, masasabak yata tayo sa armed confontation, inaykupo!

Iniwan tayo ng US sa panahon ng Japanese occupation noong WWII nang durog na tayo, hindi kaya maulit pag nagkagiyera laban sa China (at Vietnam), iwan din tayo ng US?

Lahat ng bansang giniyera ng US, pag natalo sila, bigla silang lumalayas: hala, matuto tayo sa kasaysayan.

May maganda kayang ibibida na ikatutuwa natin sa 2nd SONA ni Pres. Marcos?

Magmumura na ba ang bigas, sibuyas, GG, tilaplya at iba pang isda at bababa na ba ang kilo ng pork at beef at may sisibakin ba siyang Cabinet secretary at mga inutil na ini-appoint niya?

(domzcaoile@yahoo.com)


## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF THE LATE ROLANDO BAUTISTA PADUA

Notice is hereby given that the estate of **ROLANDO BAUTISTA PADUA,** who died on April 16, 2023 at TanzaEspecialist Medical Center, Brgy. Daang Amaya III, Tanza, Cavite left a parcel of land covered by TCT No. T-619857 located at Blk. 20 Lot 2, Monterra Verde, BrgySanja Mayor, Tanza, Cavite (36.40) SQM. Extra judicially settled among the legal heirs, executed before notary Public Atty. Jo-Ann R. AlcidUnder Doc No. 2447 Page No. 70 Book No. 5 Series of 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**MAY 29, JUNE 5 & 12, 2023**

## AFFIDAVIT OF ADDENDUM TO THE SELF ADJUDICATION OF ALOMA GUESE AND DEED OF ABSOLUTE SALE FOR THE ESTATE OF THE LATE FREDERICK GUESE

Notice is hereby given that the estate of **AlomaGuese** and deed of absolute sale with their children, the foresaid affidavit of self-adjudication date June 26, 2015 and deed of absolute sale covered by Transfer Certificate of Title No. T-512632 (M) and T-512633 (M) notarized by Atty. Henry D. Adasa under Doc. No. 101 Page No. 255 Book No. IX Series of 2023, that the names listed below are the legal heirs of Frederick Guese who died on August 29, 2008 at General Tinio, Nueva Ecija, namely 1. John Erickson B. Guese, 2. Frederik B. Guese 3. Erika B. Guese that therefore to facilitate the transfer subject parcel of land in favor of the buyer John Kim Udani, executed before Notary Public Atty. Jasper C. Sales under Doc. No. 624 Page No. 611 Book No. 11 Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**MAY 29, JUNE 5 & 12, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE SPS. REGALADO M. HAYAG AND DOLORES T. HAYAG

Notice is hereby given that the estate of **SPS REGALADO M. HAYAG AND DOLORES T. HAYAG,** who died on February 16, 2010 and July 15, 2016 at Tanza, Cavite left a parcel of land covered by Transfer Certificate Title No. EP-1263(4,469) sqm. Extra judicially settled among the legal heirs. Executed before notary Public Atty. Earl Alfredo H. Reyes under Doc. No. 319 Page No. 65 Book No. III Series of 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**MAY 29, JUNE 5 & 12, 2023**

## AFFIDAVIT OF SELF-ADJUDICATION BY A SOLE HEIR WITH ABSOLUTE SALE

Notice is hereby given that the estate of the late **Jose C. Reyes** who died on September 17, 2010 at Brgy. Poblacion, Municipality of Norzagaray, Bulacan left a parcel of land situated in Brgy. Matictic, Norzagaray, Bulacan covered by Transfer Certificate Title No. 040-2011005311, Tax Dec. No. 2018-14006-00398 (769) sqm. Extra judicially settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Rogelio Bolivar under Doc. No. 510 Book No. 013 Page No XIX79 Series of 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**MAY 29, JUNE 5 & 12, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE

Notice is hereby given that the estate of the late **GREGORIO ARICAYOS and GUILLERMA CHACON,** who died on September 20, 1975 and June 30, 1981 in Tanza, Cavite left a parcel of land covered by TCT No. RT-13517 (216.19) sqm. Extra judicially settled among the legal heirs, executed before notary Public Atty. Earl Alfred H. Reyes Under Doc No. 40 Page No. 9 Book No. II Series of 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**MAY 29, JUNE 5 & 12, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT

Notice is hereby given that the estate of **Florentino Novero** who died on August 12, 1972 and **Florencia de Leon Novero,** who died on February 2, 1976 at Francisco, Tagaytay City, left a parcel of land covered by the Tax Declaration No. AA-13-0018-00236 situated in Brgy. Pantihan, Maragondon, Cavite (29,847.11) sqm. Extra judicially settled among the legal heirs executed before Notary Public Atty. Jasper C. Sales under Doc. No. 162 Page No. 34 Book No. 13 Series of 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**MAY 29, JUNE 5 & 12, 2023**

## PAGBABAHAGING LABAS SA HUKUMAN NA MAY GAWAD NG NATATANGING KAPANGYARIHAN

Pinapaalam sa lahat na ang yumaong si **Domingo Enriquez** na namatay noong Ika- I ng Disyembre 2009 sa lungsod ng Muntinlupa, ay naka iwan ng lupa na may titulo na TCT No. 15,896 na nasa Brgy. Bagbagan, Muntinlupa City, (109,451) SOM. TCT No. 15,897 na nasa Muntinlupa (73,849) SOM. TCT No. 15,885 (109,452) SQM. Inilabas Ang PAGBABAHAGING ito para sa tunay at Legal na tagapagmana, enexecute ang bahaging ito sa iginawad na kapangyarihan Kay Atty. Michael M. Racelis sa ilalim ng Doc. Blg. 267 Page blg. 54 Book No. II Series of 2011.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**MAY 22, 29 & JUNE 5, 2023**

## AFFIDAVIT OF ADJUDICATION OF SOLE HEIR OF ESTATE OF DECEASED MAXIMA ASERCION CLERIGO

Notice is here by given that the estate of **MAXIMA ASERCION CLERIGO,** who died on January 5, 2012, at St. Martin Maternity & Pediatric Hospital Salcedo 2, Noveleta, Cavite, left a parcel of land covered by TCT No. T-10031 situated at Brgy. Mendoza, Poblacion, City of Trece Martirez Cavite (194)SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among the legal heirs, executed before notary Public Atty. Elpidio M. Paligutan Under Doc. No. 471 Page No. 96 Book No. II Series of 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**MAY 22, 29 & JUNE 5, 2023**

## AFFIDAVIT OF SELF ADJUDICATION WITH SALE

Notice is here by that the estate of **SPS. Felipe Loyola And Estebana Panganiban,** who died on March 16, 1963 and July 26, 2016 at Brgy. Lumipa, General Emilio Aguinaldo, Cavite, left a parcel of land covered by Tax Declaration No AA-06-0012-0012-00099 Situated at Brgy. Lumipa, General Emilio Aguinaldo, Cavite (2,040) SQM. Extra Judicially settled among the legal heir, executed before notary Public Atty. Gabriel B. Octava Under Doc. No. 293 Page No. 59 Book No. VI Series of 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**MAY 22, 29 & JUNE 5, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE

Notice is here by given that the estate of **DIONISIA MANALOTO ENRIQUEZ,** who died on August 17, 2020 at Muntinlupa City, left a parcel of land covered by TCT No. T-15,896 Tax Declaration No. F-002-19818(109,451) SOM. TCT No. T-15,895 Tax Declaration No. F-002-19,817(109,452)SQM. TCT No. T-15897 Tax Declaration No. F-002-19,819(73,849)SQM. All in Muntinlupa City, extra judicially settled among the legal heirs, executed before notary Public Atty. Earl Alfred B. Reyes Under Doc. No. 161 Page No. 34 Book No. V Series of 2021

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**MAY 22, 29 & JUNE 5, 2023**

## ADDENDUM TO EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF CECILIA RILLO BALMACEDA

Notice is here by given that the estate of **CECILIA RILLO BALMACEDA,** who died on August 20, 2013 at Maragondon Cavite, left a parcel of land covered by TCT No. 1062151 situated in the Brgy. Bucal, Maragondon Cavite (14,641)SQM. Extra Judicially settled among the legal heirs, executed before notary Public Atty. Jasper C. Sales Under Doc. No. 218 Page No. 44 Book No. 13 Series of 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**MAY 22, 29 & JUNE 5, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH PARTITION

Notice is hereby given that the estate of Spouses **LEONARDO RIEL GULAPA,** who died on November 14, 2019 in Naic, Cavite and PURITA ESPANOLA GULAPA, who died on April 26, 2011 in Damariñas, Cavite left a parcel of land covered by Transfer certificate of Title No. T-1174678 situated in Brgy. Poblacion, Maragondon, Cavite (626) sqm. Extra Judicially Settled among the legal heirs executed before notary Public Atty. Jane V. Malimban-Angue under Doc. No. 614 Page No. 122 Book No. XIV Series of 2022.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**MAY 15, 22 & 29, 2023**

## PAGBABAHAGING LABAS SA HUKUMAN NA MAY GAWAD NG NATATANGING KAPANGYARIHAN

Pinapaalam sa lahat na ang yumaong si **NOLASCO DEL ROSARIO,** na namatay noong Ika-28, NG Junio 2005 sa lungsod NG Muntinlupa, at naka iwan ng lupa na may sakop ng TCT No. 15,856 na may sukat na (109,451) SOM. Sa Muntinlupa, City TCT No.15,897 na may sukat na (73,849)SQM. TCT No. 15,895(109,452)SQM. Na nasa Muntinlupa City, inilabas ang babahaging ito para sa tunay na legal na tagapagmana, enexecute ang bahaging ito sa iginawad na kapangyarihan Kay Atty. Michael M. Racelis sa ilalim ng Doc No. 268 Page No. 54 Book No. II Series of 2011

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**MAY 22, 29 & JUNE 5, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF THE LATE MODESTO J. ANONUEVO

Notice is here by given that the estate of the late **MODESTO J. ANONUEVO,** who died on October 3, 2021 at Trece Martirez City left a parcel of land in Brgy. Aguado, Trece Martirez City covered by TCT No. CARP 2020000002, CLOA No. 00978481(19,488)SQM. Extra Judicially settled among the legal heirs, executed before notary Public Atty. Earl Alfred B. Reyes Under Doc. No. 352 Page No. 72 Book No. X Series of 2022

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**MAY 22, 29 & JUNE 5, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE CONSTACIO L. ROMANO AND LEONARDA A. ROMANO

Notice is hereby given that the estate of **Constancio L. Romano** who died on October 04, 2021at SitioTenungan, Manggahan, Gen. Trias, Cavite and **Leonarda A. Romano,** who died on June 23, 2009 at Gen. Trias Maternity and Pediatric Hospital, Tejero, Gen. Trias, Cavite left a parcel of land covered by Transfer Certificate of Title No. T- 1132021 located at SitioTinungan, Brgy. Manggahan-Biklatan, Gen. Trias, Cavite (300) sqm extra judicially settled among the legal heirs, executed before Notary Public AttyJo-ann R. Alcid under Doc. No. 2039 Page No. 93 Book No.4 Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**MAY 15, 22 & 29, 2023**

## AFFIDAVIT OF SELF ADJUDICATION WITH ABSOLUTE SALE

Notice is hereby given that the estate of **AUGUSTINA HUERTO DEL ROSARIO** who died on April 26, 2010 and **ALARCON DEL ROSARIO,** who died on July 5, 2014 left a parcel of land covered by Transfer certificate title No. T-5047 located at BO. San Jose, Municipality of Ternate (22,923) sqm. Extra Judicially Settled among the legal heirs executed before notary Public Atty. Magno V. Toribio Jr. under Doc. No. 296 Page No. 60 Book No. XIII Series of 2018

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**MAY 15, 22 & 29, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH ABSOLUTE SALE

Notice is hereby given that the estate of the late **CECILIA RILLO BALMACEDA,** who died on August 20, 2013 at Maragondon, Cavite left a parcel of land covered by Transfer certificate title No.T-1062151 situated in the Brgy. Bucal, Maragondon, Cavite (14,641) sqm. Extra Judicially Settled among the legal heirs executed before notary Public Atty. Francisco Micael N. Prodente under Doc. No. 16 Page No. 5 Book No. 1 Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**MAY 15, 22 & 29, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE PETRA PENAFLOR WITH WAIVER OF RIGHTS

Notice is hereby given that the estate of the late **PETRA PENAFLOR,** who died on October 3, 2017 in Mangas, Alfonso, Cavite left a parcel of land covered by Tax Declaration No. AA-01-0029-00022 situated at Sulsugin, Alfonso, Cavite (1,585)sqm. Extra Judicially Settled among the legal heirs executed before notary Public Atty. Servicio B. Ortiz under Doc. No. 415 Page No. 13 Book No. IV Series of 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**MAY 15, 22 & 29, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF DECEASED PERSON NARCISA NUÑEZ WITH GENERAL RENUNCIATION OF RIGHTS

Notice is hereby given that the estate of **Narcisa Cabadin Nuñez** who died on June 02, 2021 at General Trias, Cavite left a parcel of land covered by Transfer Certificate of Title No. 057-2013025552 (572) sqm. extra judicially settled among the legal heirs. Executed before Notary Public Atty. Jasper C. Sales under Doc. No. 162 Page No. 34 Book No. 13 Series of 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**MAY 15, 22 & 29, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF SPS. VALERIANO ALLA AND ARCADIA MALIMBAN WITH DEED OF ABSOLUTE SALE

Notice is hereby given that the estate of the spouses **VALERIANO ALLA**, who died on August 24, 1999 at Magallanes, Cavite and **ARCADIA MALIMBAN**,who died on July 24, 2000 at Magallanes, Cavite left a parcels of land covered by Tax Declaration No. AA-12-0007-00429 Cadastral Lot No. 4257 situated at Brgy. Benedita Magallanes, Cavite (16,874.43) SQM. Extra Judicially Settled among the legal heirs, executed before notary Public Atty. Elpidio M. Paligutan, under Doc. No. 174 Page No. 36 Book No. II Series of 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**MAY 15, 22 & 29, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF EDUARDO PELLOS WITH WAIVER OF RIGHTS

Notice is hereby given that the estate of the late **EDUARDO PELLOS,** who died on September 02, 1972 at Patillo, Indang, Cavite left a parcel of land covered by Tax Declaration No. AA-100006-02556 situated in the Brgy. Alulod, Indang Cavite Extra Judicially settled among the legal heirs executed before notary Public Atty. Jo-Ann R. Alcid under Doc. No. 2297 Page No. 40 Book No. 5 Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**MAY 15, 22 & 29, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE CECILIA BALMACEDA WITH DONATION

Notice is hereby given that the estate of the late **CECILIA BALMACEDA,** who died on August 20, 2013 at Maragondon, Cavite left a parcel of land covered by Transfer certificate of Title No. T-1009223 situated in Brgy. Caputatan, Maragondon, Cavite (210) sqm. Extra Judicially Settled among the legal heirs executed before notary Public Atty. Manuelito C. Diosomito under Doc. No. 357 Page No. 73 Book No. CXXXVII (138) Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**MAY 15, 22 & 29, 2023**

# Ano ang ibibida ni PBBM sa 2nd SONA?



REVANZE

by Domz B. CAOILE

NAKATUTUWA po talaga na makita na ang dalawang lady mayor ng Carmona, Dr. Dahlia Loyola at mayor ng Gen. Mariano Alvarez (GMA), Maricel Torres ay nagtutulungan para sa ating kababayang nasunugan nitong nakaraang buwan.

Nitong Lunes, Mayo 29, sinamahan ni Mayor Maricel sina Dra. Dahlia at 5th Dist. Cong. Atty. Roy Loyola sa pamimigay ng tulong sa mga fire victims sa Barangay Maderan.

Ito pong GMA ay nasasakop ng distrito 5, kasama ang bayan ng Silang, at naitanong ko lang, paano kung ganap nang siyudad ang Carmona --na tiyak naman na mananalo ang "Yes Vote" sa July 8.

Mahihiwalay na po ang GMA at Silang sa 5th District o magkakasama pa rin sila?

Samantala, sige lang sa trabaho niya si Mayor Torres para matulungan ang mga GMAians, tulad ng job fair, health services sa mga kids, seniors at sa PWDs, ayuda sa mga estudyante at maraming incentives na ibinibigay ang munisipyo para sa mga business owners.

Iba talaga pag nanay ang mayor, ano po, tunay na kalinga ang ibinibigay sa kanilang mga "anak" ng bayan.

Mabuhay po kayo, Carmona Mayor Dra Dahlia Loyola at GMA Mayor Maricel E. Torres!

@@@

NAKAIINIS, ang layo pa ng 2025 local elections, pangangampanya na ang inaasikaso ng marami, at kitang-kita ito sa nalalapit na Barangay at SK (BSK) elections sa Oktubre ngayong taon.

Partisan politics daw ang BSK elections pera sa realidad, at open secret na ang mga mayor, representatives natin at local political party ay nakikialam sa pagpili, pagboto ng mga kapitan at kagawad ng BSK.

At kailan kaya mangyayari na 'no hands' ang mga politiko natin sa halalang barangay at SK.

@@@

Galit na ba kayo, mga kabayan at nais na nyong

*Sundan sa pahina 6*



***Magkasama sina Carmona Mayor Dahlia Loyola (kaliwa) at GMA Mayor Maricel Torres na nagbigay ng tulong sa mga biktima ng sunog.***


BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

VOLUME 1 NO. 35 | 10.00 | MAY 29 - JUNE 4, 2023


# Killer ng traffic enforcer sumuko kay Gov. Remulla

SUMUKO nitong Martes, Mayo 30 kay Cavite Governor Jonvic Remulla ang dalawang lalaki na magkasamang bumaril at nakapatay sa isang traffic enforcer sa Tanza kamakailan.

Kinilala ang dalawa na sina Joseph Llagas, residente ng St. John Subdivision, Barangay Biga, Tanza sinasabing bumaril kay William Quiambao, Linggo ng gabi, Mayo 28.

Kasong marder ang haharapin ni Llagas at ang kaangkas nito sa motorsiklo na kinilalang si Aries Carlos.

Isinuko ang dalawa ni Simon 'SM' Matro, pangulo ng Liga ng mga Barangay ng Tanza sa opisina ni Remulla alas 10 ng umaga sa Kapitolyo sa Trece Martires City.

Kasama sa pagsuko nina Llagas at Carlos ang hepe ng Tanza police, Major Dennis Villanueva.

Sa imbestigasyon ng pulisya, nabatid na sinita ni Quiambao ang magkaangkas na sina Llagas at Carlos dahil sa paglabag sa batas trapiko sa Barangay Daang Amaya.

Nagalit si Llagas at sa pagtatalo nila ni Quiambao, bumunot ito ng baril at tatlong ulit na pinaputukan ang biktima na tatlong bala ang tumama sa ulo.

Ayon kay Dr. Richard Doria, patay na ang biktima nang madala sa ospital.

Nabawi ng pulisya ang motorsiklo ni Llagas na iniwan sa tabing kalsada ng Casa Nueva Road sa Barangay Biga./**DBCaoile**



***Murder ang kasong haharapin ng suspect na sumuko kay Gov. Jonvic Remulla.***

# Let's cozy up at Kubo Amadeo




SAAN itong Kubo Amadeo na balitang masarap mag-relax kasama ang pamilya at mga kaibigan?

Kid-friendly ang bakasyunang ito, with warm pool, mabango at preskong guest rooms at may mga pagkain at inuming lapat na lapat sa inyong pihikang panlasa.

The place is new but Kubo Amadeo is one of the most talked-about "home away from home" in Cavite and a top choice for families of all ages looking for a mix of relaxation: it is a place where parents and kids can spend the day relaxing in pool and enjoy the fresh cool breeze any time of the day.

The rooms in Kubo Amadeo are thoughtfully designed for families; any time of the day and night, the cool fresh air and a choice of relaxing food and drinks will make your tummy happy.

Yes, Kubo Amadeo is a perfect getaway these summer months: Explore and cozy up with nature in a 2,300 sqm property with pool-villas for rent at 048 Crisanto delos Reyes Avenue, Amadeo, Cavite.

It has a free parking space and only 5 to 10 minutes away from Tagaytay City.

Sa Kubo Amadeo, makapagre-relax nang todo-todo!

Explore, mag-book na, at i-dial contact number: +63 917 501 7575./DBCaoile